



## Paunawa ng mga Karapatan ng Pagiging Pribado ng HSH

Naglalarawan ang paunawang ito kung paano ang personal na impormasyon tungkol sa inyo ay maaaring gamitin at ibahagi ng Department of Homelessness and Supportive Housing (HSH) ng Lungsod at County ng San Francisco at mga organisasyon ng tagapagkaloob ng serbisyo nito, at kung ano ang mga karapatan na mayroon kayo tungkol sa inyong impormasyon.

Naglunsad ang HSH ng Nakaugnay na Pagpasok (Coordinated Entry) at ang mga Access Point sa komunidad nito. Ang mga Access Point ay kung paano makakagamit ang tao na nakakaranas ng kawalan ng tahanan sa Homelessness Response System ng San Francisco upang malaman kung anong mga serbisyo sila *maaaring* maging karapat-dapat na kabilang ang:

- **Paglutas ng Problema:** mga malikhaing pagpipilian para maiwasan ang pagpasok sa sistema ng pagtugon sa kawalan ng tahanan.
- **Mga Pantulong sa Pabahay:** kabilang ang Rapid Re-Housing at Permanent Supportive Housing.
- **Mga Suporta:** kabilang ang koordinasyon sa pangangalaga, pamamahala ng kaso, at interbensyon sa krisis.
- **Mga Pag-uugnay:** kabilang ang mga pagsangguni sa naaangkop na mga programa sa medikal, kalusugang pangkaisipan, paggamit ng substansiya, at serbisyong panlipunan.
- **Mga Suporta sa Benepisyo:** kabilang ang tulong sa pag-aplay para sa Medi-Cal, County Adult Assistance Program (CAAP), SSI, CalFresh (dating tinawag na Food Stamps), at CalWORKS.

Ang impormasyon ng kliyente ay nakokolekta sa ONE System at ginagamit o ibinabahagi sa mga tagapagkaloob ng pabahay at serbisyo [sa bawat isa, ang “Katambal na Ahensiya (Partner Agency)”, at sa sama-sama, ang “Katambal na mga Ahensiya (Partner Agencies)”], kung saan kabilang ang mga organisasyon na nasa komunidad at mga ahensiya ng gobyerno (gaya ng Department of Public Health o ang Human Services Agency). Ang isang listahan ng Katambal na mga Ahensiya ay matatagpuan sa [hsh.sfgov.org](http://hsh.sfgov.org). Ang katambal na mga ahensiya ay ginagamit ang impormasyon sa ONE System upang: magtugma ng mga kliyente, at pahintulutan ang mga kawani na makipag-ugnayan, sa naaangkop na mga pantulong sa pabahay at kaugnay na mga serbisyo; mapabuti ang kalidad ng pabahay at kaugnay na mga serbisyo; magsagawa ng mga pagtatasa sa mga



## **Paunawa ng mga Karapatan ng Pagiging Pribado ng HSH**

pangangailangan at magprayoridad ng mga serbisyo para sa tiyak na mga serbisyo sa mga walang tahanan at may mababang kita; mapabuti ang koordinasyon sa pagitan ng mga ahensiya ng Lungsod at mga tagapagkaloob ng serbisyo; at magtaya ng paghahatid, epekto, at kalidad ng mga serbisyo ng HSH sa pabahay at kaugnay na mga serbisyo.

Upang matukoy ang aking pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa loob ng HRS, HSH HRS, ang mga kawani ng Lungsod at Katambal na mga Ahensiya nito ay maaaring makagamit ng aking personal na impormasyon, gaya ng haba ng panahon na walang tahanan at impormasyon tungkol sa aking mga kahinaan, kabilang ang impormasyon sa kalusugan, na hawak ng Human Services Agency at ng Department of Public Health.

### **Impormasyon na Ibinabahagi sa pagitan ng Department of Homelessness and Supportive Housing at ng Human Services Agency:**

Ang mga kawani ng Lungsod sa Homeless Response System ng Department of Homelessness and Supportive Housing at mga katambal na kinontrata ay maaaring makagamit ng impormasyon sa kung saan, kung mayroon man, ang mga pampublikong benepisyo na aking natanggap mula sa Human Services Agency, kabilang ang: Medi-Cal, CAAP, CalWORKS, at CalFresh. Itong impormasyon na kaugnay sa mga pampublikong benepisyo ay maaaring gamitin upang:

- Matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa pabahay
- Mag-ugnay ng mga serbisyo sa mga programa ng Department of Homelessness and Supportive Housing.

Ang Human Services Agency ay maaaring magamit ang impormasyon, na hawak ng Department of Homelessness and Supportive Housing, tungkol sa aking katayuan sa pabahay upang:

- Makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng suportang pangkabuhayan at pagiging sapat sa kabuhayan para sa mga tao na sinisilbihan pareho ng Human Services Agency at ng Department of Homelessness and Supportive Housing;
- Mataya at mapabuti ang mga programang kaugnay sa pabahay ng Human Services Agency; at/o
- Sumunod sa mga inuutos na mga pangangailangan sa pag-uulat, ang Human Services Agency ay maaaring gumamit ng impormasyon patungkol sa aking katayuan sa pabahay, kabilang kung saan maaari



## **Paunawa ng mga Karapatan ng Pagiging Pribado ng HSH**

akong maging prayoridad/nauugnay sa mga serbisyo ng Department of Homelessness and Supportive Housing.

### **Impormasyong Ibinahagi sa Pagitan ng Department of Homelessness and Supportive Housing at ng Department of Public Health:**

Upang malaman kung anong mga serbisyo sa pabahay na maaari akong maging karapat-dapat, ang Department of Homelessness and Supportive Housing ay maaaring gamitin ang impormasyon tungkol sa aking mga kahinaan sa kalusugan. Para makipag-ugnayan sa aking pangangalagang pangkalusugan, ang Department of Public Health ay maaaring gamitin ang impormasyon mula sa Department of Homelessness and Supportive Housing patungkol sa aking katayuan sa pabahay, kabilang ang kung anong mga serbisyo ng pabahay na maaari akong maging prayoridad at/o nauugnay.

Ang mga kawani o boluntaryo na nasa itaas na listahan ng mga departamento/organisasyon ay susunod sa lahat ng Pederal at Estado na batas tungkol sa pagiging pribado kapag kailangan nilang gamitin ang aking protektadong impormasyon sa kalusugan at/o personal na pagkakakilanlan para matuloy ang aking pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo.

### **Mangyari lamang na basahin itong mabuti.**

#### **Sino ang kailangang sumunod sa paunawang ito?**

- Lahat ng ahensiya at mga seksiyon ng City and County of San Francisco (CCSF) na pinapahintulutan na mabasa, gumamit o magbahagi ng inyong personal na impormasyon.
- Mga sangay at kinontratang tagapagkaloob ng serbisyo o mga kasamahan sa negosyo ng CCSF.
- Mga empleyado, kawani, at iba pang tauhan ng mga nasa itaas.
- Mga boluntaryong tumutulong sa inyo habang tumatanggap kayo ng mga serbisyo o pangangalaga mula sa mga nasa itaas.
  - Lahat ng tao, entidad, at site na mga ito ay sinusunod ang mga tadhana ng paunawang ito at tinutukoy sa ibaba sa pamamagitan ng mga salitang “kami” “amin” at “namin.”

#### **Ang aming pangako tungkol sa inyong impormasyon.**



## **Paunawa ng mga Karapatan ng Pagiging Pribado ng HSH**

Batid namin na ang impormasyon tungkol sa inyo at ang inyong impormasyon ay personal. Nangangako kami na protektahan ang inyong personal na impormasyon. Ginagawa at itinatago namin ang talaan ng pangangalaga at mga serbisyo na inyong tinatanggap. Kinakailangan ang talaang ito upang mabigyan kayo ng pangangalaga at mga serbisyo. Ang paunawang ito ay umiiral para sa lahat ng talaan ng inyong pangangalaga na nakatago sa amin, maging ginawa man ito ng aming kawani o ng iba pa. Itinatala at itinatago namin ang impormasyon ng kliyente/kalahok pareho sa papel at sa mga computer, depende sa tagpo kung saan ipinagkakaloob ang mga serbisyo.

### **Mga pagbabago sa paunawang ito.**

Inilalaan sa amin ang karapatan na baguhin ang paunawang ito at gumawa ng mga iniba o binago na paunawa na may-bisa para sa personal na impormasyon na naitala na tungkol sa inyo gayon din ang anumang impormasyon na itatala sa hinaharap. Ipagbibigay-alam namin sa inyo kung gumawa kami ng mga pagbabago.

# Ang Inyong mga Karapatan

Pagdating sa inyong personal na impormasyon, mayroon kayong ilang karapatan. Ang seksiyon na ito ay nagpapaliwanag ng inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para tulungan kayo.

---

## **Boluntaryo ang paglahok sa Homeless Response System ng HSH**

- Tatratin kayo nang may dignidad sa mga pakikipag-ugnayan sa mga kawani at iba pang indibiduwal na gumagamit o sumusuporta sa proseso ng Nakaugnay na Pagpasok (Coordinated Entry).
  - May karapatan kayong maging malaya mula sa intelektuwal, emosyonal, at / o pisikal na pag-abuso.
  - Maaari kayong maghain ng karaingan nang walang panganib o pagganti.
  - Maaari kayong tumanggap o tumanggi sa mga pantulong o serbisyo na inaalok sa inyo sa anumang oras.
- 

## **Makita o kumuha ng elektroniko o papel na kopya ng inyong personal na impormasyon**

- Maaari kayong humiling na makita o kumuha ng elektroniko o papel na kopya ng inyong personal na impormasyong ginamit upang gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga. Tanungin sa amin kung paano gawin ito sa opisina o sa lugar kung saan ipinagkakaloob ang inyong pangangalaga.
- Kung ang inyong kahilingan ay aprubado, magbibigay kami ng kopya o buod ng inyong impormasyon.
- Kung ang inyong kahilingan ay tinanggihan, maaari kayong humingi para sa pagrepaso ng desisyong iyon. Ang tao na gagawa ng pagrepaso ay hindi ang tao na tumanggi sa inyong naunang kahilingan.

## **Hingin sa amin na ibahagi ang inyong personal na impormasyon**

- Magpapadala kami ng mga kopya ng inyong personal na impormasyon sa kanino man na nais ninyo – iba pang indibiduwal, mga propesyonal sa pangangalaga o mga ospital at klinika.
  - Para hingin sa amin na ibahagi ang inyong impormasyon sa mga tao na hindi nangangailangang gamitin ito para sa mga layunin ng pangangalaga, dapat ninyong hingin nang nakasulat. Ipasa ang inyong kahilingan sa opisina o sa lugar kung saan ipinagkakaloob ang inyong pangangalaga.
-

# Ang Inyong mga Karapatan

**Pagdating sa inyong personal na impormasyon, mayroon kayong ilang karapatan.** Ang seksiyon na ito ay nagpapaliwanag ng inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para tulungan kayo.

---

## Hingin sa amin na itama ang inyong personal na impormasyon

- Kung gumawa kayo ng kasalukuyang kahilingan, maaari ninyong hingin sa amin na tumigil sa pagbabahagi ng inyong impormasyon sa anumang oras.
- Maaari ninyong hingin sa amin na itama ang inyong personal na impormasyon tungkol sa inyo na sa inyong tingin ay mali o hindi kumpleto. Dapat ninyong ipaliwanag ang dahilan para sa pagbabago. Tanungin sa amin kung paano gawin ito sa opisina o sa lugar kung saan ipinagkakaloob ang inyong pangangalaga.
- Maaari naming sabihing “hindi” sa inyong kahilingan, ngunit sasabihin namin sa inyo kung bakit.
- Ang ilang dahilan na maaari naming sabihing “hindi” ay: (1) ang kahilingan ay hindi nakasulat, (2) hindi ninyo ipinaliwanag ang dahilan para sa pagbabago, (3) ang impormasyon ay hindi namin nilikha o hindi sa amin nakatago (sa ngayon), (4) ang impormasyon ay natuklasan na tama o kumpleto, o (5) hindi kayo pinapahintulutan na makita o kumuha ng kopya ng impormasyon.

## Kumuha ng listahan ng kung kanino namin ibinahagi ang inyong impormasyon

- Maaari kayong humingi ng listahan (pagtutuos) ng kung ilang beses naming ibinahagi ang inyong impormasyon para sa anim na taon bago ng petsa ng inyong hiningi, kanino namin ibinahagi ito, at kung bakit.
- Dapat ninyong gawin ang kahilingan nang nakasulat at sabihin sa amin ang mga tagapagkaloob ng serbisyong pangangalaga kung saan nais ninyo ang pagtutuos. Ipasa ang inyong kahilingan sa opisina o sa lugar kung saan ipinagkakaloob ang inyong pangangalaga.
- Ang aming listahan ay hindi kasama ang kung ilang beses naming ibinahagi ang inyong impormasyon para sa paggamot, pagbayad, at ang aming mga operasyon, at ilang iba pang pagsisiwalat (gaya ng anumang inyong hiningi na gawin namin).

# Ang Inyong mga Karapatan

**Pagdating sa inyong personal na impormasyon, mayroon kayong ilang karapatan.** Ang seksiyon na ito ay nagpapaliwanag ng inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para tulungan kayo.

---

**Hingin sa amin na limitahan kung anong personal na impormasyon ang aming ginagamit o ibinabahagi**

- Maaari ninyong hingin sa aming huwag gamitin o ibahagi ang ilang impormasyon sa partikular na mga indibiduwal o partikular na mga layunin.
- Hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa inyong kahilingan, at maaari naming sabihing “hindi” kung makakaapekto ito sa inyong pangangalaga.
- Kung sabihin naming “oo”, maaari pa ring naming gamitin o ibahagi ang impormasyon kung kinakailangan ito upang magkaloob sa inyo ng emerhensiyang paggamot/mga serbisyo.
- Dapat ninyong gawin ang inyong kahilingan nang nakasulat at sabihin sa amin: (1) anong impormasyon ang nais ninyong limitahan; (2) kung nais ninyong limitahan ang paggamit, pagbabahagi o pareho; at (3) kaninong mga indibiduwal nais ninyong ipairal ang paglimita. Ipasa ang inyong kahilingan sa opisina o sa lugar kung saan ipinagkakaloob ang inyong pangangalaga.

# Ang Inyong mga Karapatan

Pagdating sa inyong personal na impormasyon, mayroon kayong ilang karapatan. Ang seksiyon na ito ay nagpapaliwanag ng inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para tulungan kayo.

---

## **Humiling ng kompidensiyal na komunikasyon**

- Maaari ninyong hingin sa aming kontakin kayo sa isang partikular na paraan (halimbawa, sa tahanan o telepono sa opisina) o ipadala sa koreo sa ibang address. Ipasa ang nakasulat na kahilingan sa opisina o sa lugar kung saan ipinagkakaloob ang inyong pangangalaga.
- Sasabihin naming “oo” sa lahat ng makatwirang kahilingan.

## **Kumuha ng kopya ng paunawa na ito ng pagiging pribado**

- Maaari kayong humingi ng papel na kopya ng paunawang ito sa anumang oras, kahit na sumang-ayon kayong tumanggap ng paunawang ito sa elektronikong paraan. Kaagad namin kayong bibigyan ng papel na kopya.



# Ang Inyong mga Karapatan

Pagdating sa inyong personal na impormasyon, mayroon kayong ilang karapatan. Ang seksiyon na ito ay nagpapaliwanag ng inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para tulungan kayo.

---

## **Pumili ng isang tao na kumilos para sa inyo**

- Kung nagbigay kayo sa isang tao ng gawad ng kapangyarihan o kung ang isang tao ay inyong legal na tagapag-alaga o awtorisadong kinatawan, ang taong iyon ay maaaring gamitin ang inyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpili tungkol sa inyong personal na impormasyon.
  - Titiyakin namin na ang tao ay mayroon ng awtorisasyon na ito at maaaring kumilos para sa inyo bago kami gumawa ng anumang aksiyon.
-

# Ang Inyong mga Karapatan

Pagdating sa inyong personal na impormasyon, mayroon kayong ilang karapatan. Ang seksiyon na ito ay nagpapaliwanag ng inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para tulungan kayo.

---

## **Pawalang-saysay ang inyong pahintulot kung saan ipinagkaloob**

- Ang mga paggamit at pagsisiwalat ng personal na impormasyon na hindi sakop ng paunawang ito o ng mga batas na umiiral ay magagawa lamang sa pamamagitan ng inyong nakasulat na pahintulot. Maaari ninyong pawalang-saysay ang pahintulot na ito, nang nakasulat, sa anumang oras.
- Kung pawalang-saysay ninyo ang inyong pahintulot, hindi na namin magagamit o maibabahagi ang personal na impormasyon tungkol sa inyo sa kadahilanang isinaad sa nakasulat na pahintulot. Gayunman, hindi na namin mababawi ang anumang ginamit o ibinahagi na ginawang mayroon ng inyong pahintulot, at ang mga batas ng California ay nag-aatas sa amin na panatilihin ang mga talaan ng pangangalaga na ibinibigay namin sa inyo.

---

## **Maghain ng reklamo kung sa inyong palagay ay nilalabag ang inyong mga karapatan**

- Maaari kayong magreklamo kung sa inyong palagay ay aming nalabag ang inyong mga karapatan sa pamamagitan ng pagkontak sa amin gamit ang impormasyon sa huling pahina ng pormularyong ito.
  - Maaari kayong maghain ng reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, sa pagtawag sa 1-877-696-6775, o sa pagbisita sa [www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/).
  - Hindi kami gaganti sa inyo para sa paghahain ng reklamo.
-

# Ang Inyong mga Pagpipilian

Para sa ilang impormasyon, maaari ninyong sabihin sa amin ang inyong mga pagpipilian tungkol sa kung ano ang aming ibabahagi. Kung mayroon kayong malinaw na ninanais sa kung paano namin ibabahagi ang inyong impormasyon sa mga sitwasyong inilarawan sa ibaba, kausapin lang kami. Sabihin sa amin kung ano ang nais ninyong gawin namin, at susunod kami sa inyong mga tagubilin. Ang seksiyong ito ay nagpapaliwanag ng inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad upang tulungan kayo

---

**Ipagbigay-alam sa mga indibiduwal na kasama sa inyong pangangalaga \***

- Maaari ninyong sabihin sa amin na ibahagi ang inyong personal na impormasyon sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya na kasali at/o responsable para sa inyong pangangalaga, o sa isang tao na tutulong magbayad para sa inyong pangangalaga.
- 

**Tumulong sa pagbibigay lunas sa kalamidad\***

- Maaari ninyong sabihin sa amin na ibahagi ang inyong personal na impormasyon sa isang organisasyon na tumutulong sa isang gawain ng pagbibigay lunas sa kalamidad upang maaaring sabihin sa inyong pamilya ang tungkol sa inyong katayuan at kinaroroonan.
- 

**\*Sa mga kaso sa itaas**

*Kung hindi ninyo magagawang sabihin sa amin ang inyong mga kagustuhan, halimbawa kung nawalan kayo ng malay, maaari kaming magpatuloy at ibahagi ang inyong impormasyon kung naniniwala kaming ito ay nasa inyong pinakamabuting interes. Maaari din naming ibahagi ang inyong impormasyon kapag kinakailangan upang mabawasan ang isang malubha at nagbabantang panganib sa kalusugan at kaligtasan.*

---

**Sa mga kasong ito ay hindi kailanman namin ibinabahagi ang inyong impormasyon maliban kung magbigay kayo sa amin ng nakasulat na pahintulot:**

- Para sa layunin ng pagbibili
  - Pagbenta ng inyong impormasyon
  - Pinaka-pagbabahagi ng mga tala sa psychotherapy
-

# Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

**Paano namin karaniwang ginagamit at ibinabahagi ang inyong personal na impormasyon?**

Hindi namin maaaring ilarawan sa paunawang ito ang bawat paraan kung paano namin ginagamit o ibinabahagi ang personal na impormasyon. Gayunman, karamihan sa mga paraan ay nababagay sa isa sa ibinigay na mga paglalarawan sa ibaba.

---

## **Magpatakbo ng aming organisasyon**

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong personal na impormasyon sa pagpapatakbo ng homeless response system, mapabuti ang inyong pangangalaga, kontakin kayo kung kinakailangan, at para malaman ang pagiging epektibo ng aming mga programa.
- Maaari naming pagsamahin ang inyong personal na impormasyon sa iba pang impormasyon upang magdesisyon ng kung ano pang karagdagang mga serbisyo ang nararapat naming ialok, kung epektibo ang aming mga programa, at kung paano mapapabuti ang aming pangangalaga at mga serbisyo.

**Halimbawa:** Kami ay gumagamit ng impormasyon tungkol sa inyo upang ipaalala ang inyong parating na appointment o tumulong sa inyong makipag-ugnay sa isang pinagkukunan ng pantulong gaya ng tagapagkaloob ng serbisyo ng mga benepisyo o medikal.

**Halimbawa:** Kami ay gumagamit ng personal na impormasyon tungkol sa inyo upang pamahalaan ang inyong mga serbisyo at tingnan ang pangangalagang tinatanggap ninyo mula sa aming mga tagapagkaloob ng serbisyo para makita na tumutugon sila sa kanilang mga layunin sa kontrata.

---

# Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

**Paano namin karaniwang ginagamit at ibinabahagi ang inyong personal na impormasyon?**

Hindi namin maaaring ilarawan sa paunawang ito ang bawat paraan kung paano namin ginagamit o ibinabahagi ang personal na impormasyon. Gayunman, karamihan sa mga paraan ay nababagay sa isa sa ibinigay na mga paglalarawan sa ibaba.

---

## **Magbayad para sa inyong pabahay o mga serbisyo**

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyon upang maningil at makakuha ng bayad mula sa mga entidad na nagpopondo ng aming mga programa sa pabahay at serbisyo.

**Halimbawa:** Kami ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa programa ng pabahay at/o serbisyo na inyong ginagamit upang makakuha ng pondo para magtatag at magpanatili ng mga serbisyo at pantulong sa pabahay ng HSH.

---

## **Gumawa ng pananaliksik**

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyon para sa pangkalusugang pananaliksik sa ilalim ng ilang pagkakataon. Ang lahat ng proyekto sa pananaliksik ay sumasailalim sa isang natatanging proseso ng pag-apruba.
- 

## **Sumunod sa batas**

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang inyong personal na impormasyon kapag inaatas ng pederal, estado, o lokal na batas.
  - Sa mga halimbawa ng katayuan sa imigrasyon, susunod kami sa Sanctuary City Ordinance (SCO) ng San Francisco, na nagbabawal sa paggamit ng mga pondo at pantulong ng Lungsod upang tumulong sa Immigration and Customs Enforcement (ICE) sa mga pag-aresto at/o pangangalap o pamamahagi ng impormasyon patungkol sa pagpapalabas ng katayuan o personal o kompidensiyal na impormasyon ng isang indibiduwal, maliban kung inuutos ng batas na pederal o estado, pananagot, o desisyon ng korte.
-

# Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

**Paano namin karaniwang ginagamit at ibinabahagi ang inyong personal na impormasyon?**

Hindi namin maaaring ilarawan sa paunawang ito ang bawat paraan kung paano namin ginagamit o ibinabahagi ang personal na impormasyon. Gayunman, karamihan sa mga paraan ay nababagay sa isa sa ibinigay na mga paglalarawan sa ibaba.

---

**Tumulong sa mga usapin ng pampublikong kalusugan at kaligtasan**

- Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo para sa ilang sitwasyon gaya ng:
  - Mahadlangan o mabawasan ang malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman.
  - Makapag-ulat sa awtoridad ng hinihinalang pag-abuso o pagpapabaya sa isang menor de edad o nasa hustong gulang na may-kapansanan.

**Makipag-tulungan sa isang medical examiner o coroner**

- Maaari naming ibahagi ang personal na impormasyon sa isang coroner, medical examiner, o direktor ng puneraria kapag namatay ang isang indibiduwal.

**Tumugon sa mga kaso sa hukuman at legal na mga pagkilos**

- Maaari naming ibahagi ang inyong personal na impormasyon sa pagtugon sa isang korte o administratibong utos, o sa pagtugon sa isang subpena, kahilingan ng pagtuklas o iba pang proseso ng pag-aalitan.
- 
- 
-

# Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

**Paano namin karaniwang ginagamit at ibinabahagi ang inyong personal na impormasyon?**

Hindi namin maaaring ilarawan sa paunawang ito ang bawat paraan kung paano namin ginagamit o ibinabahagi ang personal na impormasyon. Gayunman, karamihan sa mga paraan ay nababagay sa isa sa ibinigay na mga paglalarawan sa ibaba.

---

**Sa hinirang ng korte na mga conservator at public guardian**

- Maaari naming ibahagi ang inyong personal na impormasyon sa mga indibiduwal na hinirang ng korte ng batas upang alagaan ang inyong kalusugang pisikal at/o pangkaisipan at pinansiyal na kapakanan.
- 

**Para sa mga layunin ng hinirang ng korte na paggamot**

- Kung nautusan kayo na kumuha ng mga serbisyo mula sa amin sa pamamagitan ng pamamaraan ng korteng pangkrimen, hihingin sa inyo na aprubahan ang pagbabahagi ng impormasyon sa korte. Kung sa kalaunan ay bawiin ninyo ang inyong pag-apruba, dapat naming ipagbigay-alam sa korte ang tungkol sa pagtanggap iyon.
-

# Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

**Paano namin karaniwang ginagamit at ibinabahagi ang inyong personal na impormasyon?**

Hindi namin maaaring ilarawan sa paunawang ito ang bawat paraan kung paano namin ginagamit o ibinabahagi ang personal na impormasyon. Gayunman, karamihan sa mga paraan ay nababagay sa isa sa ibinigay na mga paglalarawan sa ibaba.

---

**Sa nagpapatupad ng batas para sa limitadong mga layunin**

- Ibabahagi lamang namin ang inyong impormasyon sa isang opisyal ng nagpapatupad ng batas sa sumusunod na mga sitwasyon:
    - Sa pagtugon sa isang kautusan ng korte, subpena, pananagot, mga pagtawag o kaparehong kahilingan na ipinalabas ng isang judicial o administrative officer;
    - Sa pagbabala sa kanila tungkol sa kamatayan na pinaniwalaang resulta ng isang kriminal na pagkilos;
    - Tungkol sa kriminal na pagkilos sa aming pasilidad at mga site; at
    - Sa mga emerhensiyang pangyayari upang mag-ulat ng isang krimen; lugar ng krimen o biktima; o pagkakakilanlan, paglalarawan, o kinaroroonan ng isang tao na gumawa ng krimen.
- 

**Tugunan ang kabayaran sa mga manggagawa, mga gawain sa pangangasiwa ng kalusugan, at iba pang mga kahilingan ng pamahalaan**

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon tungkol sa inyo:
    - Para sa mga paghiling ng kabayaran sa mga manggagawa o kaparehong mga programa na nagkakaloob ng mga benepisyo para sa mga pinsala o sakit na may-kaugnayan sa trabaho.
    - Sa mga ahensiya na nangangasiwa ng aming mga serbisyo ng pabahay at aktibidad, gaya ng mga odit, imbestigasyon, pagsisiyasat, at pagbibigay ng lisensiya.
    - Ayon sa kinakailangan ng mga awtoridad ng kautusan ng militar kung kayo ay kasalukuyan o naging miyembro ng sandatahang lakas.
-



# Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

**Paano namin karaniwang ginagamit at ibinabahagi ang inyong personal na impormasyon?**

Hindi namin maaaring ilarawan sa paunawang ito ang bawat paraan kung paano namin ginagamit o ibinabahagi ang personal na impormasyon. Gayunman, karamihan sa mga paraan ay nababagay sa isa sa ibinigay na mga paglalarawan sa ibaba.

---

- Para sa natatanging tungkulin ng gobyerno gaya ng pambansang seguridad, mga aktibidad sa paniniktik, at mga serbisyo sa pampangulong pananggol.

## **Mga bilanggo**

- Maaari naming ibahagi ang inyong personal na impormasyon sa kawani ng bilangguan o sa mga opisyal ng bilangguan: (1) para sa bilangguan/bilibid na magkaloob sa inyo ng pangangalagang pangkalusugan; (2) upang protektahan ang inyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan ng iba; o (3) para sa kaligtasan at seguridad ng mga kawani ng bilangguan/bilibid.
- 
-

# Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

**Paano namin karaniwang ginagamit at ibinabahagi ang inyong personal na impormasyon?**

Hindi namin maaaring ilarawan sa paunawang ito ang bawat paraan kung paano namin ginagamit o ibinabahagi ang personal na impormasyon. Gayunman, karamihan sa mga paraan ay nababagay sa isa sa ibinigay na mga paglalarawan sa ibaba.

---

## KONTAKIN KAMI PARA SA ANUMANG KARAGDAGANG MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA PORMULARYONG ITO.

Idirekta ang inyong mga tanong na may kaugnayan sa mga serbisyong inyong natanggap sa Program Manager.

- Kontakin ang HSH sa pamamagitan ng telepono sa 415-252-3232
- Kontakin ang HSH sa pamamagitan ng pagsulat:

440 Turk St  
San Francisco, CA 94102